

Tumawag sa numerong toll-free ng Every Woman Counts upang malaman kung ikaw ay kwalipikado:

1-800-511-2300

Lunes - Biyernes, 8:30am-5pm

Nagsasalita kami ng Ingles, Espanyol (pindutin ang 2), Mandarin (pindutin ang 3), Vietnamese (pindutin ang 5), Koreano (pindutin ang 6) at Cantonese (pindutin ang 7).



Upang makakuha ng mga libreng pagsusuri upang masiyasat para sa kanser sa suso at servikal, dapat ikaw ay:

- nakatira sa California
- tumugma sa mga kinakailangang edad
- wala o may limitadong seguro ng kalusugan
- may seguro ng kalusugan na may co-payment o pagbabawas na hindi mo kayang bayaran
- may mababang kita ang sambahayan



Kung ang kanser sa suso ay malaman nang maaga, ang tsansa ng pagkaligtas ng buhay ay napakataas.



Kapag ikaw ay kwalipikado para sa programang Every Woman Counts ikaw at isasangguni sa mga kalahok na klinika sa iyong lugar.



1-800-511-2300

<http://dhcs.ca.gov/EveryWomanCounts>

Kung hihilingin, ang dokumentong ito ay maaaring ialok sa ibang mga wika. Upang makakuha ng kopya sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa:

Every Woman Counts
PO Box 997417, MS 4600
Sacramento, CA 95899-7377
Numero ng Telepono 916-449-5300
California Relay 711/1-800-735-2929

Ang mga pondo para sa materyal na ito ay inilaan ng programang Every Woman Counts, Department of Health Care Services ng California.

Programang Every Woman Counts ng California



Libreng mga pag-eksamin
ng suso, mammogram at
Pap test

Ano ang programang Every Woman Counts?

Ang programang Every Woman Counts ay nagbibigay ng libreng pagsusuri sa kanser sa suso at servikal at mga follow-up na serbisyo. Kasama dito ang mga klinikal na pag-eksamin ng suso, mammogram at mga Pap test, pati na din ang ibang mga pagsusuri kung kinakailangan sa mga karapat-dapat na mga kababaihan sa California.

Habang tumatanda ang mga kababaihan, lalo na sa mga edad matapos ang 50, ang tsansa na magkaroon ng kanser sa suso at servikal ay tumataas. Ang mga kababaihan ay dapat na masuri ng regular para sa kanser sa suso at servikal ng isang doktor.

Ang Every Woman Counts ay nagbibigay ng libreng:

- Klinikal na mga pag-eksamin ng suso at mga mammogram para sa mga kwalipikadong kababaihang may edad 40 at pataas
- Mga Pap test para sa mga kwalipikadong kababaihang edad 21 at pataas
- Mga HPV test sa mga kwalipikadong kababaihang edad 30 at pataas
- Mga follow-up na pagsusuri kung kinakailangan



Ang kanser sa suso ay ang pinakakaraniwang kanser sa mga kababaihan sa California.

Bakit mo kailangang kumuha ng pagsusuri sa kanser sa suso?

- Ang mga pag-eksamin sa suso ay makakatulong sa doktor upang makita o maramdaman ang anumang pagbabago sa iyong mga suso.
- Ang mammogram ay mahahanap ang kanser sa suso na maaaring masyadong maliit upang maramdaman mo o ng iyong doktor.
- Kapag ang kanser sa suso ay maagang natagpuan, mas madali itong gamutin.



Gaano kadalas dapat magpasuri para sa kanser sa suso?

Ang kaalaman sa suso ay mahalaga para sa maagang pagtuklas. Kausapin ang iyong doktor ukol sa kung kailan at gaano kadalas ka dapat masala para sa kanser sa suso.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa amin ng toll-free sa 1-800-511-2300

Ang servikal na kanser ay halos 100% na maaagapan sa pamamagitan ng regular na mga Pap test.

Bakit mo kailangang kumuha ng pagsusuri para sa servikal na kanser?

- Ang mga pagsusuri para sa servikal na kanser ay ang Pap test at ang HPV test.
- Ang Pap test ay humahanap ng mga pagbabago sa cell sa serviks na maaaring maging kanser.
- Ang HPV test ay humahanap ng virus na maaaring maging sanhi ng mga pagbabago ng cell sa serviks.
- Ang paggamot sa mga pagbabago sa mga cell na ito ang pipigil sa servikal na kanser.

Gaano kadalas ka dapat kumuha ng pagsusuri sa servikal na kanser?

Ang programang Every Woman Counts ay nagbibigay ng libreng mg Pap test sa mga kwalipikadong kababaihang edad 21 at pataas, at kada tatlong taon pagkatapos kung ang mga resulta ay normal.

Ang mga kababaihang may edad 30 gulang o pataas ay maaaring piliin na kumuha ng Pap test kasabay ng HPV test kung nais niyang itaas ang pagsusuri sa 5 taon. Kung ang resulta ng parehong pagsusuri ay normal, ang tsansa ng pagkakaroon ng servikal na kanser sa mga susunod na ilang taon ay napakababa.

